PRAYER

- Ipagdasal na ang bawat isa sa inyo ay punuin ng kaalaman ng Salita ng Diyos, matutunan ang mga simulain, at maisabuhay ang mga ito.

- Ipagdasal ang mga pangangailangan ng bawat isa.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

www.victory.org.ph

FILIPINO

CONNECT

- Sa iyong paglaki, anong importanteng aral ang natutunan mo sa iyong mga magulang? Papaano nito hinubog ang paggawa mo ng desisyon at ang iyong pagkilos?

- Saan ka mas natututo—sa panonood, pakikinig, o paggawa?

WORD

WHAT

What does the Bible say?

[9]Kaya patuloy namin kayong idinadalangin mula nang mabalitaan namin ang tungkol sa inyo. Ang dalangin namin ay bigyan nawa kayo ng Diyos ng lubos na pagkaunawa ng Kanyang kalooban, at ng karunungan sa mga bagay na espiritwal; [10]upang makapamuhay kayo nang karapat-dapat sa Panginoon, at mabigyan ninyo Siya ng lugod sa lahat ng paraan. At nang sa gayon ay maging mabunga kayo sa lahat ng mabubuting gawa. At lagi nawa kayong lumago sa pagkakilala sa Diyos. [11]Idinadalangin naming palakasin Niya kayo sa Kanyang dakilang kapangyarihan, upang kahit na ano ang mangyari ay makapagpatuloy kayo sa Panginoon nang may galak. [12]Lagi nawa kayong magpasalamat sa Ama dahil ginawa Niya tayong karapat-dapat na makabahagi sa mamanahin ng mga kabilang sa Kanyang kaharian ng kaliwanagan.

Colosas1:9-12

Sumulat si Pablo ng isang dalangin para sa mga mananampalataya sa Corinto na pupwede rin nating ipagdasal para sa ating sarili at sa iba—na punuin tayo ng kaalaman ng Kanyang kalooban na nagdudulot ng mga benepisyong tulad ng pagbibigay lugod sa Diyos, kasaganaan, kagulangan, kalakasan, at tagaltatag na may kaluguran. Tingnan pa nating mabuti ang panalangin na ito.

- **Ipagdasal na mapuno tayo ng kaalaman ng kalooban ng Diyos.**
  Ang kalooban ng Diyos ay binubuo ng Kanyang layunin, mga utos, at mga gabay na nakasulat sa Bibliya. Ang ibig sabihin ng paghiling sa Diyos na punuin Niya tayo ng kaalaman ng Kanyang kalooban ay ang pagbabad natin sa Kanyang Salita at pagpapaubaya natin na ito'y maging gabay sa ating pamumuhay.

- **Manalangin na tayo'y mamuhay sa kalooban ng Diyos na inihahayag Niya sa atin.**
  Hindi lamang ito tungkol sa pagbabasa sa ating mga Bibliya. Ito ay ang pagkakaroon ng pang-unawa sa kung papaano natin isasabuhay ang mga simulain ng Diyos. Ang pakay natin ay ang malaman ang kalooban ng Diyos at ang pag-ayon dito (Roma 12:1,2).

Manalangin na matutunan natin ang Salita ng Diyos, ang mga simulain nito, at maisabuhay ang mga ito.

SO WHAT

What is the relevance of the Word to my life?

- Ano ang ibig sabihin ng pagiging puno ng kaalaman ng kalooban ng Diyos?

- Ano ang iba pang bagay na maaaring pumuno sa iyong isipan maliban sa Salita ng Diyos?

- Alalahanin ang isang simulain na natutunan mo mula sa Salita ng Diyos. Papaano mo ito natutunan?

NOW WHAT

How do I apply the Word to my life?

- Anu-anong mga praktikal na bagay ang magagawa mo upang punuin ang iyong sarili ng Salita ng Diyos?

- Anong bahagi ng pag-aaral na ito ang maisasabuhay mo ngayon? Anu-anong mga konkretong hakbang ang pupwede mong tahakin upang maisagawa ito?